【フィリピン語版】(Gabay sa Sennan City Public Library)

# Welcome to the Library!




Mascot ng library《Tokosho》



**Isinusulong ng aklatan ang pagbibigay ng impormasyon at lahat ng uri ng dokumento na magtataguyod sa panghabang-buhay na edukasyon ng mga mamamayan bilang base ng impormasyon, bilang pahingahan, at bilang aklatan na malapit sa mga mamamayan.**

**Maaring manghiram ang mga nakatira sa Sennan, ang mga nagtratrabaho dito, at mga nag-aaral dito.**

## Para sa unang bisita (Pagkuha ng Library Card)…

- Maaring gumawa ng Library Card, magpakita lamang ng katunayan ng tinitirahan (Driver'slicense, Health Insurance Card, Mga delivery na galing sa Post), o patunay ng pinagtratrabahuhan o pinagaaralan. Maaring kumuha ng Library Card ang mga bata simula 0 taong gulang.
- Magagamit ito sa mismong aklatan o sa mobile library Kashinoki.
- Sakaling magbago ang tirahan o ang numero ng telepono, o sakaling mawala ang library card, maaring magbigay uli nito. Magpakita lamang ng katunayan ng tirahan, pinagtratrabahuhan, at pinagaaralan.



## Mga Nilalaman ng Library

**1st flr**

【Pang-matanda】 Nobela、How-to、Medical Books, Large Font Books, Easy-to-read Books、Manga, Magazine, Dyaryo

【Pambata】 Picture Book, Babasahin, Paper Theatre, Trivia Books

**2nd flr**

Dokumento ng administrasyon at mga nanungkulan sa Sennan at Osaka, Diksyonaryo, Lumang Dyaryo, Phone Book, Audyobiswal tulad ng CD at DVD





May OPAC (Online Public Access Catalog) sa bawat floor

**Lobby** Impormasyon ng localidad(Pamphlet mula Sennan at Osaka、Hello Work atbp.)

---

Mayroon ding ginaganap na mga events at klase. Maaring tignan ang website ng Sennan o ng aklatan.

- Libre ang paggamit ng library
- Inaalagaan naming ang inyong personal na impormasyon (Hindi maaring gamitin ang mga impormasyon liban sa trabaho sa aklatan)

## Kapag nanghihiram sa Library・・・


- Dalhin ang libro at Library Card sa counter.
- Para sa mga gamit na awdyobiswal, dalhin ang case at Library Card sa counter.

**Hanggang 10 libro, Hanggang 10 awdyobiswal、2 linggo ito ipapahiram**

（CD o DVD atbp.）

- Kung walang reserba, isang beses lang pwedeng i-extend ang deadline. Maaring i-extend ito hanggang 4 linggo mula sa araw ng panghihiram. Maaring tumawag na lamang.

## Kapag nagsasauli ng libro・・・




- Pakisauli ang mga libro sa Return Counter sa may 1st flr. Hindi kailangan ang Library Card
- Pakisauli ang mga gamit na awdyobiswal sa Return Counter sa may 2nd flr. Hindi kailangan ang Library Card
- Maaring maghintay lamang hanggang ma-kompirma ang nilalaman. Ipaalam kung mayroong mga sira sa tunog, biswal, o sa panonood. Maaring intindiin na hindi responsibilidad ng aklatan ang mga sira na nagawa habang pinapahiram.
- Maaring isauli ang mga libro sa mobile library Kashinoki.
- Kung nakasara ang aklatan, maaring isauli ang mga libro sa Book Post (Return Window). Huwag ilagay ang mga gamit awdyobiswal at Library Card dito.

## Kung di mahanap ang isang libro(Reserba、Requeat、Reference Service)…

Lapitan lamang ang ma tauhan ng aklatan kung may di mahanap na libro

**【Reserba】** Maaring ipa-reserba ang librong pinahiram sa Counter, OPAC, o sa tawag. Ipapaalam naming kaagad sa inyo kung naisauli na ang libro.

**【Request】** Maaring i-request ang mga librong wala sa aklatan. Sa abot ng aming makakaya, maaring bilhin ito o hiramin sa iba pang aklatan.
Maaari din hiramin ang mga libro galing sa Osaka Prefecture Library. Siempre may mga libro din na hindi maaring hiramin.

**【Bilang ng kayang ipa-reserba o request】**

| | Reserba | Request |
|---|---|---|
| Libro | 20 sa kabuuan | |
| Awdyobiswal | 10 | |

**【Reference Service】** Tumutulong din kami kung impormasyon, papeles, o sa mga pag-susuri. Maari din mag-konsulta sa mga binabasang libro. Kung may katanungan, lapitan lamang kami.

***※ Di maaring gamitin ng mga taong hindi nakatira sa Sennan (liban sa nagtratrabaho at nag-aaral) ang Reserba at Request***

***Gawin ito sa aklatan ng inyong lokalidad.***

## Group Service

- Maaring hiramin nang matagal na panahon ang mga libro kung grupo sa loob ng syudad na galing sa publikong pasilidad, koleksyon ng libro sa bahay, Reading Club, o Grupong pang-boluntaryo.
- Nagpapahiram din ng mga gamit na pang-events tulad ng big books, panel shutters, paper theaters para sa nakatatanda at book stands. Maaring tignan ang mga detalye sa website sa ilalim ng「Group Service」

## Mayroon kaming mga gamit na angkop para sa bawat mambabasa

- Mayroong **Large Font Books**, **Audio books** (CD at cassette), **Subtitled Videos o DVD**, **Multilingual Materials** (Librong nakasulat sa maraming lenggwahe), **Magnifiable reading machines**, at **Writing Boards**.
- Mayroong Braille Books, Anunsyo mula sa syudad at prepektura (nasa Braille), Easy-to-read books, tactile picture books sa Braille Corner. Maari ding manghiram ng mga libro mula sa ibang aklatan.
- Para sa mga nahihirapan sa pandinig, maaring mag-FAX o e-mail.
  FAX 072－485－4565 、 E-mail library@city.sennan.lg.jp
- Para sa mga naka-wheelchair, tumutulong kami para kunin ang libro mula sa estante.
- Gamitin lamang ang wheelchair na nasa entrance ng aklatan



## Mobile Library「Kashinoki」

- Puno ang bus na ito ng mga libro at awdyobiswal at umiikot ito nang dalawang beses sa mga estasyon sa isang buwan. Pwedeng manghiram hanggang susunod na pag-ikot.
- Para sa mga detalye, tignan sa website ng aklatan ang schedule ng pag-ikot at lugar ng mga estasyon.

## Postal Borrowing Service

- Para sa mga may booklet na nagpapakita ng biswal na disabilidad nibel 1 at 2, maaring manghiram gamit ang post. Libre ang pagpapadala at kayang manghiram ng 20 CD at cassette. Pwede itong hiramin nang isang buwan.
- Para sa mga walang booklet, at nahihirapan pumunta sa aklatan o mobile library, pwede din manghiram gamit ang post. May bayad ang pagpapadala.

## Ibang Serbisyo

**【Copy Service】** Maaring magpa-photocopy ng iisang parte lamang ng libro. Siempre nasa loob lamang ito ng kaya ng copyright. 10¥ ito kada pahina. Matatagpuan ang serbisyo sa 2nd flr counter.

**【Paggamit ng Internet】** May nakahandang mga computer para sa research sa 2nd flr. Maaring gamitin ito nang 30 minutos kada araw. Di maaring mag-print at mag-save.

**【Study Room】** Maaring magtanong sa 2nd flr counter. Ngunit may mga araw na hindi ito magagamit dahil sa mga events. Pakitignan na lang sa website kung maaring gamitin.

**【Sennan Textbook Center】** Maaring mahanap lahat ng mga textbooks pang-ES at JHS. Maaring lumapit lamang sa 2nd flr. Counter. Sa mga katanungan, Sennan BOE Guidance Section TEL 483-3671

Sinusuportahan ang aklatan at ang mga aktibidades pambasa ng iba't ibang grupong pang-boluntaryo (repair group, display group, book reading group, at picture book making group). Kung interesadong sumali, maaring magtanong sa aklatan.

# Ang aklatan ay para sa lahat
# Ang libro ay isang Kayamanan

Paki-usap mula sa aklatan!




## ＊Sundin nang tama ang araw ng pagsauli

Naghihintay ang ibang tao para sa iyong aklat.

Kung hindi maisauli ang libro kahit na naglabas ng pakiusap dito, maaring di makahiram sa susunod na 6 na buwan. Maaring mag-ingat.

## ＊Ingatan ang mga libro at gamit awdyobiswal

Kung makasira o makawala ng materyales ng aklatan, ayon sa Article 8 ng syudad, kailangan palitan ng parehas na gamit ang nasira.

## ＊Pangalagaan ang reading environment. Parating maging magalang at gawin nating aklatan para sa lahat ito.

〈Open hours〉

Martes～Linggo

10AM～5:15PM

〈Araw na naka-sara〉

Lunes

Holiday(Kung Lunes, pati ang susunod na araw)


Katapusan at simula ng taon

Nag-aayos ng imbentaryo ng mga materyales

〈Library website〉

https://library.city.sennan.osaka.jp

〈Mapa sa aklatan〉




15mins mula sa JR Izumi Sunagawa Station

15mins mula sa Nankai Tarui Station

Community Bus
2mins mula sa「Harap ng Library at Cultural Hall」

Parking para sa library at Hall(Libre) 120 kotse

## Sennan City Library

〒590-0525
Sennan City Baba 1-2-1
TEL 072－482－7766

♥ Para sa mga bata, may lugar pampalit ng lampin, pang-breastfeed, at maaring makapasok ang stroller.

♥ Nakakapasok din ang mga guide dogs.

Updated on 2022. 2.